***Embassy of the United States of America***
**Consular Section - Immigrant Visa Unit**
**Manila, Philippines**

**Mahal naming aplikante ng K1 at K2 *visa*:**

Nais naming ipagbigay-alam na ang Embahada ay nakatanggap ng *Form I-129F visa petition* galing sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) upang kayo ay pag-ukulan bilang *fiancé(e)* sa ilalim ng *Section 101(a)(15)(K)* ng *Immigration and Nationality Act (INA)*. Kayo ay karapat-dapat nang magpatakda ng iskedyul para sa inyong interbyu para sa *visa*. Kailangang magbayad ng K *visa application fee* bago magpatakda ng iskedyul para sa inyong interbyu.

**Ang *application fee* ng K1 o K2 *nonimmigrant visa* ay US$240**, na maaari lamang bayaran sa piso sa kasalukuyang halaga ng palitan. May tatlong pamamaraan ng pagbabayad ng *application fee*: pagbabayad ng *cash* sa mga sangay ng Bank of the Philippien Islands (BPI); *online payment* na opsyon na nilalaan ng BPI sa kanilang mga kliyente; o pagbabayad sa pamamagitan ng Bancnet.

Lahat ng mga aplikante ng K visa ay kinakailangang magdala ng U.S. visa application deposit slip sa pagbabayad ng *K visa fee*. Nararapat na i-*print* ang naaangkop na *U.S. visa application deposit slip* na maaaring ma-*download* mula sa *online appointment website*: http://ustraveldocs.com/ph/ph-niv-paymentinfo.asp, at dalhin ito sa bangko sa pagbayad ng *visa fee*. Para sa tagabulin ng pagbabayad ng visa, maaaring bisitahin ang link na ito: http://manila.usembassy.gov/wwwh3023.html. Ang *visa fee* ay *non-transferrable* at ay may-bisa ng isang taon.

Kapag nabayaran na ang *visa fee* ay maaari nang magpatakda ng iskedyul ng interbyu para sa *visa*. Upang makapagtakda ng iskedul ng interbyu, maaaring bumisita sa Visa Information and Appointment Service ng Embahada sa http://www.ustraveldocs.com/ph o tumawag sa (632) 982-5555 o sa (632) 902-8930. Ang Visa Information and Appointment Service ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi, maliban kung pista-opisyal ng Pilipinas at U.S. Ang mga tatawag ay maaaring makipag-usap sa *operator* sa wikang Ingles, Tagalog, Ilocano o Cebuano. Ang mga aplikante, *agen*t, petisyoner na tumatawag mula sa U.S. ay maaring tumawag sa number na ito: (214) 571-1600.

Kailangang dalhin ang mga sumusunod na dokumento sa inyong interbyu:

1. **MGA KAILANGANG DOKUMENTO**. Napakahalaga ang pagdala sa **LAHAT** ng mga kailangang dokumento para mapadali ang pagsasaayos ng inyong aplikasyon. **Ang kakulangan sa dokumento ay maaaring maging dahilan upang kayo ay pabalikin sa ibang araw**:

   a. **PASAPORTE**. Ang inyong pasaporte ay kailangang may bisa na hindi kukulangin sa anim (6) na buwan. Sa mga walang pasaporte, kailangan ang personal na pag-*apply* sa Department of Foreign Affairs - Office of Consular Affairs (DFA-OCA), Aseana Business Park, Bradco Avenue *corner* Macapagal Boulevard, Paranaque City. Ang aplikante ay maaaring humingi ng appointment sa pamamagitan ng pag*log on* sa www.passport.com.ph o pagtawag sa 02-737-1000. Ang DFA *website* ay http://www.dfa.gov.ph.

**b.** ***DS-156 NON-IMMIGRANT VISA APPLICATION***. Bawat aplikante ay kailangang sagutan ng buo ang dalawang (2) kopya nito. I-*download* ang *form* sa http://travel.state.gov/visa/forms/forms_1342.html.

**c.** ***DS-157 SUPPLEMENTAL NON-IMMIGRANT VISA APPLICATION***. Bawat aplikante ay kailangang sagutan ng buo ang dalawang (2) kopya nito. I-*download* ang *form* sa http://travel.state.gov/visa/forms/forms_1342.html.

**d.** ***DS-156K NON-IMMIGRANT FIANCE(E) VISA APPLICATION*****.** Bawat aplikante ay kailangang sagutan ng buo ang isang (1) kopya nito. **Hindi ito kailangan ng mga aplikante sa K2 *visa***. I-*download* ang *form* sa http://travel.state.gov/visa/forms/forms_1342.html.

**e.** ***DS-230 (PART I) APPLICATION FOR IMMIGRANT VISA AND ALIEN REGISTRATION***. Bawat aplikante ay kailangang sagutan ng buo ang isang kopya nito. (Hindi kailangang sagutan ang Part II). I-*download* ang *form* sa http://travel.state.gov/visa/forms/forms_1342.html.

**f.** ***BIRTH CERTIFICATE***. Ang kopya ng inyong *birth certificate* ay kailangang galing sa National Statistics Office (NSO) at nakaimprenta sa *NSO security paper (***hindi galing sa Local Civil Registry Office***)*. Hangga't maaari, maghanda at magbigay din ng kopya ng *birth certificates* ng lahat ng mga anak kahit hindi pa sila mag-a-*apply* ng *visa*. Tumawag sa NSO Information Center sa 02-737-1111 o bisitahin ang kanilang *website* sa http://www.census.gov.ph kung may mga katanungan tungkol sa pagkuha ng *birth certificate*. Kung ang NSO ay walang maibigay na kopya, kumuha ng pahayag o kasulatan galing sa NSO hinggil sa kawalan ng kopya nito. Kumuha at dalhin ang *birth certificate* galing sa lokal na rehistro sa bayan kung saan kayo ipinanganak.

**g.** ***NBI CLEARANCE (Green Form)***. Ang mga aplikanteng labing-anim (16) na taong gulang at pataas ay nangangailangan ng *Record Clearance ( for travel abroad purposes)* mula sa National Bureau of Investigation (NBI*)*. Kailangang nakasaad sa *NBI Clearance* ang pangalang ginagamit sa kasalukuyan, pangalan sa *birth certificate*, pangalan sa pagkadalaga (sa mga babaeng may asawa), mga alyases o palayaw, at lahat ng mga pangalang ginamit kabilang na ang mga iba-ibang pagkabaybay sa pangalan o mga pangalang ito. **Kung may notasyon o nakasaad na "*No criminal record" o No pending case"*, kailangan ang opisyal na sulat ng paliwanag mula sa NBI.** Para sa layuning pang-imigrasyon, ang *NBI clearance* ay may bisa lamang na isang (1) taon mula ng ito ay ipagkaloob. Ang *website* ng NBI ay http://www.nbi.gov.ph.

**h.** ***POLICE CERTIFICATES* NG IBANG BANSA.** Ang mga aplikanteng labing-anim (16) na taong gulang at pataas ay kailangang magbigay ng *police certificate* galing sa ibang bansa kung saan sila ay nanirahan ng anim (6) na buwan o higit pa pagkaraan ng kanilang ika-labing-anim (16) na kaarawan. Gaya ng *NBI Clearance*, kailangang nakasaad sa *police certificate* ang lahat ng mga pangalang ginamit habang nasa bansang nabanggit kabilang na ang mga iba-ibang pagkabaybay sa pangalan o mga pangalang ito. Ang impormasyon sa pagkuha ng *police certificate* sa ibang bansa ay matatagpuan sa *website* ng *State Department* sa http://travel.state.gov/visa/fees/fees_3272.html.

**i.** **MGA REKORD GALING SA HUKUMAN O TUNGKOL SA PAGKABILANGGO:** Ang mga aplikanteng hinuli, isinakdal o hinatulan dahil sa krimen ay kinakailangang magdala ng mga kopya o salin tungkol sa krimen o paglabag sa batas.

j. **REKORD SA MILITAR O PAGKA-PULIS:** Ang mga aplikanteng nanungkulan sa militar o pulisya ay kinakailangang magdala ng pinagtibay na kopya ng talaan o rekord sa militar o pagka-pulis.

k. **KATIBAYAN NG TUNAY NA UGNAYANG MAGKATIPAN.** Kailangang mapatanuyan sa *consular officer* na ang ugnayan ninyo ng petisyoner ay totoo at may malinaw na intensyong magpakasal sa loob ng 90 araw mula sa pagpasok sa U.S. Sa mga nakaraang pagkakataon, ang mga matagumpay na aplikante ay nagsumite ng mga larawan, sulat, *e-mails, phone records, bank records* at iba pang mga katibayan na nagpapatunay ng ugnayan ng petisyoner at intensyong pagpapakasal.

l. **KATUNAYAN NG PAGPAPAWALANG-BISA NG DATING KASAL.** Kung kayo o ang petisyoner ay may dati o naunang kasal, kailangang magbigay ng dokumentong magpapatunay ng pagpapawalang-bisa sa kasal na ito (halimbawa: *divorce decree, annulment decree* o *death certificate)*.

m. ***CERTIFICATE OF NO MARRIAGE RECORD (CENOMAR)*.** Ang katibayan na kayo ay walang kasal ay kailangang galing sa National Statistics Office (NSO) at nakaimprenta sa *NSO security paper*. Tumawag sa NSO Information Center sa 02-737-1111 o bisitahin ang kanilang *website* sa http://www.census.gov.ph kung may mga katanungan tungkol sa pagkuha ng CENOMAR (*singleness*).

n. **KATIBAYAN NG SUPORTA.** Kailangang mapatunayan na hindi kayo magiging pabigat sa mga taong namumuwis sa U.S. para sa inyong suportang pang-pinansiyal. Ang *I-134 Affidavit of Support Form* (sinagutang buo at may orihinal na lagda ng petisyoner) ay makakatulong sa *consular officer* para pag-aralan ang kakayahan ng petisyoner na tustusan ang inyong kabuhayan sa U.S. Dalhin ang kopya ng pinakahuling *income tax return (Form 1040)* at *wage statements (Form W-2)* ng petisyoner. Maaari ring ilakip ang mga sulat galing sa kumpanyang pinaglilingkuran ng petisyoner kung saan nakasaad ang kanyang sahod at mga *bank statements*. I-*download* ang *I-134* sa http://www.uscis.gov/portal/site/uscis.

o. **MGA LARAWAN PARA SA *VISA***. Kailangang magdala ng tatlong (3) larawang may kulay; dalawa para sa *visa* at ang isa ay para sa *medical report*. Ang sukat at detalye ay mahigpit na ipinatutupad. Ang larawan ay kailangang may sukat na *2x2 inches* (higit-kumulang sa 50 *mm square*) na may kulay puting *background* at ang ulo ay nasa sentro ng kwadro. Ang ulo (ang basehan ng sukat ay mula sa ibabaw ng buhok hanggang sa ilalim ng baba) ay kailangang may sukat sa pagitan ng 1 *inch* hanggang 1 3/8 *inches* (28 *mm* hanggang 35 *mm*) na may *eye level* sa pagitan ng 1 1/8 *inch* hanggang 1 3/8 *inches* (28 *mm* and 35 *mm*) mula sa ilalim ng larawan. Para sa detalye, bisitahin ang *website* sa: http://travel.state.gov/visa/visaphotoreq/visaphotoreq_5334.html.

p. **Department of Homeland Security (DHS) Documents**: Kung ikaw ay nag-*apply* para sa anumang benepisyo, tulad ng pagpapalit ng *status*, pagsasaayos ng *status (adjustment of status)*, o *asylum* sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS), o naging paksa ng paglilitis, tulad ng deportasyon o *removal proceedings*, ng Immigration at Customs Enforcement (ICE), mangyaring dalhin ang lahat ng mga dokumento na tumutukoy sa mga naturang bagay sa araw ng iyong interbyu.

**q. RESULTA NG MEDIKAL.** Lahat ng mga aplikante ng K1 at K2 *visa* ay kailangang dumaan sa isang pagsusuring-medikal sa St. Luke's Extension Clinic ng hindi bababa sa isang linggo bago ang araw ng interbyu. Bago pumunta sa SLMCEC, ang mga aplikante ay hinihikayat na magparehistro *online* sa website ng SLMCEC: www.slec.ph. Ang pagpaparehistro *online* ay mapapaiksi ang oras ng proseso at magiging mas mabilis at mas mahusay ang pagpapamedikal sa SLMCEC. Sumangguni sa instruksyon (hiwalay na pahina) hinggil sa pagsusuring-medikal.

# MGA MAHALAGANG PAALALA

- **Magpunta Sa Embahada Sa Nakatakdang Araw Ng Interbyu**.
- Kung kayo ay karapat-dapat na mabigyan ng K1 o K2 *visa*, ang inyong pasaporte kung saan nakalakip ang *visa*, ay ihahatid ng isang mapagkakatiwalaang serbisyo ng *courier* sa inyong tirahan ng **walang karagdagang bayad**. Ang 2GO c*ommercial courier* ang bagong magbibigay ng serbisyo ng *courier* sa Embahada. Ihahatid sa loob ng dalawang linggo ang inyong *visa* pagkatapos ng pakakaloob nito. Ang mga aplikante ay may opsiyon na kuhanin ang mga *visas* sa kahit saang sangay ng 2GO.
- Kung sakali mang kami ay may mga katanungan sa inyong aplikasyon magpapadala kami ng sulat para sa anumang karagdagang dokumento o kung kayo ay kinakailangang bumalik sa Embahada para sa isa pang interbyu. Walang sinumang kinatawan ng Embahada ang maaaring magsabi na ang *visa* ay aprubado hanggang ang pag-iimprenta nito ay pinahintulutan ng *consular officer*.
- Para sa kaligtasan ng lahat, ang mga aplikante sa *visa* ay pinagbabawalang magdala ng *cell phones* o anumang *electronic devices* sa loob ng Embahada. Ang mga aplikanteng may dala ng mga nabanggit na kagamitan ay hindi pahihintulutang makapasok. Iwanan ang inyong *electronic equipment* sa ligtas na lugar sa labas ng Embahada sa takdang araw ng inyong interbyu.
- Sisikapin naming maibalik ang mga dokumentong ibinigay at hiniling na maibalik sa inyo. Iwasang magbigay ng mga dokumentong mahirap o hindi maaaring palitan. Gumawa ng kopya ng mga mahahalagang dokumento at ibigay ang mga kopyang ito kasama ang mga orihinal na nais maibalik sa inyo.
- Ang inyong pasaporte ay kailangang may bisa na hindi kukulang sa anim (6) na buwan. Hihilingin namin ang pagpapabago ng inyong pasaporte kung ang bisa nito ay kulang sa anim (6) na buwan.
- Ang K1 o K2 *visa* ay **HINDI** *immigrant visa (IV)* o *legal permanent resident card (green card).* Ito ay *non-immigrant visa (NIV)* para sa pagpunta sa U.S. upang magpakasal sa inyong petisyoner. Ang pagpapakasal sa petisyoner ay kailangang maidaos sa loob ng siyamnapung (90) araw magmula ng pumasok sa U.S. Kapag nakasal na, mag-*apply* sa USCIS para sa pagpapabago ng inyong katayuan bilang *non-immigrant* tungo sa pagiging *legal permanent resident (LPR).* Ang paglakbay sa labas ng U.S. habang ang inyong aplikasyon para sa *adjustment of status* ay hindi pa napapag-pasiyahan ng USCIS ay maaaring magkaroon ng kumplikasyon at hindi makabubuti sa inyo. Makipag-ugnayan muna sa USCIS para malaman kung kayo ay nangangailangan ng *travel document* para makabalik ng U.S. Napakahalaga ang pagkuha ng kaukulang dokumento bago maglakbay sa labas ng U.S., kahit na ito ay sa oras ng mahigpit na pangangailangan. Ang K1 o K2 *visa* ay maaaring gamitin lamang ng isang (1) beses para pumasok sa U.S. Kapag ang K1 o K2 *visa* ay nagamit na sa pagpasok sa

teritoryo ng U.S., halimbawa sa Guam, hindi na ito maaaring gamitin muli kung ang patuloy na paglalakbay ay dadaan sa ikatlong-bansa.

- Ang mga anak na wala pang dalawampu't isang (21) taong gulang at walang asawa na nakahayag o napangalanan sa petisyon ay maaaring sumunod sa kanilang magulang sa hinaharap. **Subalit ang mga *following-to-join* K2 *visas* ay maaaring maipagkaloob lamang sa loob ng isang (1) taon magmula ng mabigyan ng K1 *visa* ang kanilang magulang**. Pagkaraan ng isang (1) taon, ang mga bata ay hindi na maaaring makinabang sa *I-129F petition* at kailangan na silang ipaghain ng hiwalay na mga petisyon sa ilalim ng kategoryang *immediate relative* o *second preference*.

- Kung kayo ay may anak na hindi napangalanan sa petisyon, o kasalukuyang buntis, o may naunang kasal na hindi nakahayag kahit na ito ay napawalang-bisa, o kasalukuyang may nakakahawang sakit o karamdaman, kinakailangang magpakita ng notaryadong sulat galing sa petisyoner na nagsasaad ng buong pagka-alam sa kaibhan ng mga pangyayaring nakalahad sa petisyon at sa inyong tunay na kalagayang pang-personal, na sa kabila ng mga ito ay nais pa rin ng petisyoner na ipagpatuloy ang pagpapakasal.

- Huwag munang pagtibayin ang anumang planong paglalakbay papuntang U.S., magbenta ng mga ari-arian, o magbitiw sa trabaho hangga't hindi naihahatid ang *visa* sa inyo. Sa kabuuan, ang K1 *visa* ay maaaring gamitin ng isang beses at ito ay may bisa hanggang anim (6) na buwan magmula sa araw ng pagkakaloob, maliban lamang kung ang itinakdang bisa nito ay kulang sa anim (6) na buwan dahil sa medikal at iba pang kabawalan.

# B A B A L A

**ANG MANLINLANG O MANDAYA PARA SA *VISA* AY ISANG MALALA O MABIGAT NA PAGLABAG SA BATAS PANG-IMIGRASYON NG U.S. ANG ANUMANG PAGTANGKANG PAGSISINUNGALING SA MAHAHALAGANG BAGAY O PANLILINLANG SA *CONSULAR OFFICER* AY MAAARING MAGING DAHILAN PARA MALAGAY SA PANGANIB ANG INYONG APLIKASYON NGAYON AT SA HINAHARAP.**

# PAUNAWA SA PAGSUSURING MEDIKAL PARA SA MGA APLIKANTE NG *FIANCE(E) VISA*

Sa ilalim ng batas imigrasyon ng U.S., lahat ng aplikante ng *fiancé(e) visa* ay kinakailangang sumailalim sa pagsusuring-medikal. Ang resulta ng pagsusuring ito ay umiiral sa mga *consular officer* at gagamitin para matiyak kung kayo ay karapat-dapat na tumanggap ng *visa*.

Ipinangasiwa ng Embahada sa St. Luke's Medical Center Extension Clinic (SLMCEC) ang pagpapatupad sa tungkuling ito. Ang SLMCEC ay matatagpuan sa 1177 J. Bocobo St., Ermita, Manila, telepono bilang 521-0020 at 521-8647. Ito ay bukas Lunes hanggang Biyernes (maliban kung pista-opisyal), mula 6:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon. Pagpunta sa klinika, dalhin ang inyong pasaporte at tatlong litrato (na may sukat na 2"x2"). Bago pumunta sa SLMCEC, ang mga aplikante ay hinihikayat na magparehistro *online* sa website ng SLMCEC: www.slec.ph. Ang pagpaparehistro *online* ay mapapaiksi ang oras ng proseso at magiging mas mabilis at mas mahusay ang pagpapamedikal sa SLMCEC.

Importante na makumpleto ang iyong medikal isang linggo bago ang takdang araw ng iyong interbyu. Ang kakulangan nito ay magiging dahilan para hindi kayo mabigyan ng *visa* o ang pagpaliban at pagtakda ng inyong interbyu sa ibang araw. Ang resulta ng medikal ay tuluyang ipapadala ng SLMCEC sa Embahada.

**Paglingkod sa Pang-una**

Ang pagkasunod-sunod sa mga magpapasuri ay ayon sa kung sino ang unang dumating. Ang eksaminasyon ay maaaring abutin ng mahigit isang (1) araw para matapos. Ang mga babaeng aplikante ay maaaring humiling na suriin sila ng isang babaeng doktor. Ang klinika ay hindi-gaanong kalakihan ang lugar, kaya huwag magsama ng ibang tao kung hindi kinakailangan.

**Bayad sa Medikal**

Ang bayad sa pagsusuring-medikal ay **US$223.35** para sa mga aplikanteng labing-limang (15) taong gulang at pataas, at **US$185.35** naman sa mga batang labing-apat (14) na taong gulang at pababa. Ang pagpapa-ulit ng *X-ray* ay **US$7** bawat isa. **Maaaring bayaran lamang ang katumbas ng mga ito sa *Philippine pesos* sa kasalukuyang halaga ng palitan**.

**X-Rays**

Ang *chest X-ray* ay hindi kailangan sa mga batang wala pang labing-limang (15) taong gulang, maliban kung sila ay may sintomas ng tuberkulosis (TB) o posibleng pagkahawa ng TB halimbawa dahil sa pakikisalamuha sa kasambahay na may TB.

Ipinag-uutos ng U.S. Public Health Service/Centers for Disease Control (USPHS/CDC) ang pagpagpa-*X-ray* ng mga buntis. Ang *chest X-ray* sa mga buntis ay hindi mapanganib kung ito ay isasagawa ng may tamang panabing.

Ang resulta ng mga nauna o dating *chest X-rays* ay kinakailangan ding dalhin para masuri at maihambing.

# PAGPAPABAKUNA NG MGA APPLIKANTE NG "K" *VISA*

Sa ilalim ng batas-imigrasyon ng Estados Unidos, **LAHAT** ng mga nagnanais na pirmihang manirahan doon ay kinakailangang mabakunahan laban sa ilang mga sakit.

Ang mga kinakailangang bakuna ay ang mga sumusunod:

- Mumps
- Measles
- Rubella
- Polio
- Tetanus
- Diphtheria
- Pertussis
- *Haemophilus influenzae Type B*
- Rotavirus
- Hepatitis A
- Hepatitis B
- Meningococcal disease
- Varicella
- Pneumococcal
- Influenza
- At mga bakunang ini-rekomenda ng Centers for Disease Control (CDC) at Advisory Committee for Immunization Practices

Ang mga aplikante sa "K" *visa*, bilang mga aplikante ng *non-immigrant visa*, ay karaniwang di-saklaw ng pagpapabakuna. Ang pagtutol o pag-ayaw ng mga aplikante sa "K" *visa* na magpabakuna ay **hindi** magiging dahilan para tanggihan ang kanilang aplikasyon sa *visa*. Subalit sa kabuuang kapakinabangan, hinihimok namin na ang mga aplikante sa "K" *visa* ay magpabakuna bago sila pumasok sa U.S.

## Dalhin Ang Talaan Ng Inyong Bakuna Para Mapag-aralan Ng Doktor

Kailangang magdala ng katunayang kayo ay dati ng nabakunahan. Pag-aaralan ng doktor ang talaan o ulat ng inyong bakuna para matiyak na ang mga ito ay sapat ayon sa batas. Tanging ang doktor ang makakapagsabi kung ano ang nararapat na bakuna. Maaaring ipaulit sa inyo ang pagkuha sa mga dating bakuna. Tandaan na ang pagkuha ng pangalawang dosis ay hindi makakasama sa inyong kalusugan.


## Pag-*Apply* Para Sa Pagpapabago Ng Katayuan Bilang *Non-immigrant* Tungo Sa Pagiging *Legal Permanent Resident (LPR)*

Pagkatapos na kayo ay tanggapin sa U.S. bilang "K" *non-immigrant* at mag-*apply* ng pagpapabago sa inyong katayuan para maging *permanent resident (green card holder)*, gagamitin ng U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) ang ulat ng doktor para pagpasiyahan ang inyong karapatang mahirang na *LPR* sa batayang pang-medikal. Ang mga aplikanteng hindi nakatupad sa mga kailanganing bakuna ay dapat mabuo ang mga ito bago maisakatuparan ang pagpapabago ng kanilang katayuan sa U.S.

## ***Waiver* sa Bakuna**

Ang pagpasiya sa pagpapahintulot ng *waiver* sa pagpapabakuna ay gagawin lamang sa takdang panahong kayo ay maghahain ng aplikasyon para sa pagpapabago ng inyong katayuan, at pagkatapos itong mapag-aralan ng USCIS.

# MAP TO ST. LUKE'S MEDICAL CENTER EXTENSION CLINIC (SLMCEC)




**St. Luke's Medical Center Extension Clinic**
**J. Bocobo St.**
**Ermita, Manila**

****KUNG MAYROON MANG HINDI PAGSANG-AYON ANG INGLES AT ANG SALING PILIPINO, ANG PAHAYAG SA INGLES ANG MANANAIG.****